# GABAY SA SANGGUNIAN NG BENEPISYO

CALIFORNIA CalVCB VICTIM COMPENSATION BOARD

**Maaaring makatanggap ang mga biktima ng marahas na krimen ng hanggang $70,000 sa kabuuang kompensasyon para matulungan silang makabangon. Sinasabi sa iyo ng gabay na ito:**
***• Sino ang maaaring makatanggap ng mga benepisyo • Magkano ang maaari nilang matanggap • Anong impormasyon ang kailangan ng CalVCB •***

## SINO ANG MAAARING MAKATANGGAP NG MGA BENEPISYO?

**V** Ang isang **DIREKTANG BIKTIMA** ay pisikal na nasaktan, pinagbantaan ng pinsala, o namatay dahil sa isang krimen.

**D** Ang isang **DERIVATIVE** na **BIKTIMA** ay may mga gastusin dahil sa direktang pinsala o pagkamatay ng biktima. Maaari itong isang miyembro ng pamilya, roommate o tagapag-alaga.

**P** Ang **NAGBABAYAD** ay sinumang nagbabayad o tumatanggap ng pananagutan para sa mga gastusin na nauugnay sa krimen.

| URI NG REIMBURSEMENT | SINO ANG KWALIPIKADO? | MAXIMUM NA BENEPISYO |
|---|---|---|
| *LIBING AT/O BUROL* | P | **Hanggang $12,818** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Patunay na ang pagkamatay ng biktima ay resulta ng kwalipikadong krimen.
- Mga resibo mula sa mga gastusin sa libing o burol. Maaari ring direktang singilin ng mga provider ang CalVCB.

| URI NG REIMBURSEMENT | SINO ANG KWALIPIKADO? | MAXIMUM NA BENEPISYO |
|---|---|---|
| *MGA GASTUSIN SA MEDIKAL AT NGIPIN* | V P | **Hanggang $70,000** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Patunay mula sa ulat ng krimen o mga rekord ng medikal/ngipin na kinakailangan ang mga serbisyo sa medikal/ngipin.
- Patunay na ang mga medikal na device ay kinuha, nawala, nasira, nawasak o kinakailangan ngayon dahil sa krimen.
- Tala mula sa isang doktor kung kinakailangan ang mga serbisyo sa loob ng bahay na nagsasaad ng tagal ng panahon ng pangangalaga na kailangan, at ang pangangalaga mula sa isang miyembro ng pamilya o ibang tao ay medikal na kinakailangan.
- Ang mga bill sa ngipin ay dapat isumite sa isang form para sa Claim sa American Dental Association.

| URI NG REIMBURSEMENT | SINO ANG KWALIPIKADO? | MAXIMUM NA BENEPISYO |
|---|---|---|
| *PAGGAMOT SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP* | V D P | **Hanggang 60 sesyon at $10,000 tulad ng nakadetalye sa ibaba** |

**V Mga Limitasyon ng Sesyon:**
- 60 sesyon

**D Mga Limitasyon ng Sesyon:**
- 60 sesyon kung ang direktang biktima ay namatay dahil sa krimen.
- 50 sesyon kung ang derivative na biktima ay menor de edad sa panahon ng krimen.
- 50 sesyon kung ang derivative na biktima ay ang pangunahing tagapag-alaga ng direktang biktima sa oras ng krimen. Limitado ito sa kabuuang $10,000 para sa dalawang tagapag-alaga.
- 30 sesyon kung ang derivative na biktima ay hindi nakakatugon sa pamantayan sa itaas. Limitado ito sa $5,000.
- 30 sesyon kung ang derivative na biktima ay naging tagapag-alaga ng isang menor de edad na biktima pagkatapos ng krimen. Limitado sa $5,000 at dapat ay para sa benepisyo ng direktang biktima.

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Mga naka-itemize na resibo para sa natanggap na paggamot sa kalusugan ng pag-iisip. Maaari ring direktang singilin ng mga provider ang CalVCB.
- Isang nakumpletong Intake form ng Mental Health Billing mula sa provider kasama ang kanilang unang bill.
- Patunay na nasingil ang insurance, kung naaangkop.

| URI NG REIMBURSEMENT | SINO ANG KWALIPIKADO? | MAXIMUM NA BENEPISYO |
|---|---|---|
| *GUIDE, SIGNAL, O SERVICE DOG* | V | **Hanggang $10,000** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Mga resibo para sa mga gastos sa pagbili o pagpapagamot ng guide, signal, o service dog na nasugatan o namatay dahil sa krimen.

*New 06/2025 [TAG]*

| URI NG REIMBURSEMENT | SINO ANG KWALIPIKADO? | MAXIMUM NA BENEPISYO |
|---|---|---|
| ***PAGKAWALA NG KITA*** | V D | **Hanggang $70,000** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Isang disability statement mula sa provider ng medikal o kalusugan ng pag-iisip.
- Patunay mula sa isang medikal na provider na kinakailangang samahan ng magulang o tagapag-alaga ang isang menor de edad sa ospital.
- Patunay ng kita (tax return, pay stub, o statement mula sa isang employer).

| | | |
|---|---|---|
| ***PAGKAWALA NG SUPORTA*** | D | **Hanggang $70,000** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Patunay na ang tao ay legal na umaasa sa biktima sa oras ng krimen (sertipiko ng kapanganakan o kasal, mga rekord ng pag-aampon, rekord ng suporta sa bata, o dokumento ng Social Security).
- Patunay ng kita (tax return, pay stub, o statement mula sa isang employer).

| | | |
|---|---|---|
| ***KOMPENSASYON PARA SA HUMAN TRAFFICKING*** | V | **Hanggang $10,000 bawat taon para sa maximum na dalawang taon** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Patunay ng pagkawala ng kita bilang direktang resulta ng human trafficking sa pamamagitan ng alinman sa:
  - ◊ Ulat ng nagpapatupad ng batas, o
  - ◊ Sinumpaang salaysay sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling mula sa aplikante, isang case worker ng human trafficking, lisensyadong abogado, o saksi.
- Isang nakumpletong form ng Kompensasyon sa Human Trafficking.

| | | |
|---|---|---|
| ***MULING PAGSASANAY SA TRABAHO O KATULAD NA SERBISYO SA TRABAHO*** | V | **Hanggang $70,000** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Isang pagsusuri mula sa Kagawaran ng Rehabilitasyon ng California (California Department of Rehabilitation).

| | | |
|---|---|---|
| ***RELOKASYON*** | V | **Hanggang $3,418** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Patunay mula sa nagpapatupad ng batas na kinakailangan ang relokasyon para sa kaligtasan ng biktima.
- Patunay mula sa isang provider ng kalusugan ng pag-iisip na kinakailangan ang paglipat para sa emosyonal na kapakanan ng biktima.
- Mga resibo para sa mga gastusin sa relokasyon tulad ng upa, mga deposito sa utility, o gastusin sa paglilipat.
- Nakumpletong form sa pag-verify ng renta at kopya ng pag-upa.

| | | |
|---|---|---|
| ***SEGURIDAD SA BAHAY*** | V D | **Hanggang $1,000** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Patunay ng mga gastusin na kinakailangan bilang direktang resulta ng krimen.
- Mga resibo para sa mga gastusin sa seguridad ng bahay.

| | | |
|---|---|---|
| ***PAGPAPABAGO NG BAHAY PARA SA MGA BIKTIMA NA BAHAGYA O GANAP NA MAY KAPANASAN*** | V | **Hanggang $70,000** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Patunay mula sa isang doktor na medikal na kinakailangan ang mga pagbabago dahil sa krimen.
- Nakasulat na ulat mula sa isang espesyalista para sa pagbabago ng bahay.
- Ang detalyadong paglalarawan ng kontratista sa gagawing trabaho, plano ng pagbabayad, at isang kopya ng kanilang lisensya.
- Mga resibo para sa mga gastusin sa pagbabago ng bahay.

| | | |
|---|---|---|
| ***PAGBABAGO O PAGBILI NG SASAKYAN*** | V | **Hanggang $30,000** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Patunay mula sa isang doktor na ang pagbabago o pagbili ng binagong sasakyan ay medikal na kinakailangan dahil sa krimen.
- Isang salaysay mula sa biktima na nagpapaliwanag kung available ang pampublikong transportasyon.
- Isang bill o pagtatantya na nagpapakita ng gastos para sa pagbabago o pagbili ng sasakyan.
- Isang ulat mula sa espesyalista sa paggalaw o mobility specialist.
- Isang kopya ng lisensya sa pagmamaneho para sa taong magmamaneho ng sasakyan.

| | | |
|---|---|---|
| ***PAGLILINIS SA PINANGYARIHAN NG KRIMEN*** | P | **Hanggang $1,709** |

**Mga Halimbawa ng Kailangan Namin:**
- Patunay na ang krimen ay nangyari sa isang tirahan o sasakyan.
- Mga resibo para sa paglilinis ng bahay o sasakyan ng isang inaprubahang kumpanya sa paglilinis ng basura.

**LEGEND** V DIREKTANG BIKTIMA · D DERIVATIVE NA BIKTIMA · P NAGBABAYAD